

EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO – BAITANG 10

Pangalan: _____ Petsa: _____

Baitang: _____ Pangkat: _____

Markahan: Una **Linggo:** Ikatlo **SSLM No.** 3 **MELC(s):** Nakapagsusuri ng mga pasiyang ginagawa sa araw-araw batay sa paghusga ng konsensiya. (EsP10MP-Ic-2.2)

- **Layunin:** Nasusuri ang mga pasiyang nagawa gamit ang mga likas na batas moral.
- **Pamagat ng Textbook/LM na Pag-aaralan:** Edukasyon sa Pagpapakatao 10
- **Kabanata:** 3 **Pahina:** 42-64 **Paksa:** Paghubog ng Konsensiya Batay sa Likas na Batas Moral



Tuklasin Natin

“Sa bawat kilos mo, anong uri ng tao ang binubuo mo sa iyong sarili?” Ano ang epekto ng tanong na ito sa iyo? Bilang persona na patuloy nanililina ang iyong pagka-sino, nakatitiyak ka ba na mabuti ang bawat pasiya at kilos mo? Nabanggit naman sa Modyul 2 na bilang natatanging nilikha, ang tao ay binigyan ng isip kaya’t may kakayahan siyang magnilay at magmuni-muni dahil may kamalayan siya sa kaniyang sarili. Bukod dito, ang isip ay may likas na kaalaman tungkol sa mabuti at masama. Ito ang tinatawag na **konsensiya**. Ang **konsensiya** ay ang batayan ng kaisipan sa paghuhusga ng tama o mali.

Dalawang uri ng kamangmangan

1. Kamangmangang madaraig(*vincible ignorance*)- kung mayroong pamamaraan na magagawa ang isang tao upang malampasan ito at ang pagkakaroon ng kaalaman dito ay magagawa sa pamamagitan ng pagsisikap o pag-aaral.
2. Kamangmangan na di madaraig (*invincible ignorance*). Ang kamangmangan ay di madaraig kung walang pamamaraan na magagawa ang isang tao upang ito ay malampasan. Ito ang uri ng kamangmangan na bumabawas o tumatanggal sa pananagutan ng tao sa kaniyang kilos o pasiya. Ang

paghusga nang tama ng tao sa isang bagay na buong katapatan na pinaniniwalaan na tama ay hindi maituturing na pagkakamali. Hindi masisisi ang tao sa kaniyang kamangmangan.

Ang Apat na Yugto ng Konsensiya

1. Unang Yugto: Alamin at naisin ang mabuti. Ang tao ay nilikha na may likas na pagnanais sa mabuti at totoo. Binigyan siya ng kakayahan upang malaman kung ano ang mabuti at totoo. Ito ang pinakamainam na paliwanag sa katotohanang tayo ay nilikha upang mahalín ang Diyos at ang kabutihan.
2. Ikalawang Yugto: Ang pagkilatis sa partikular na kabutihan sa isang sitwasyon. May ilang gawaing kaugnay nito tulad ng pag-aaral ng sitwasyon, pangangalap ng impormasyon, pagsangguni na sinusundan ng pagninilay na naghahatid sa paghatol ng konsensiya. Nailalapat natin ang ating nalalaman sa mga prinsipyo ng moralidad upang kilatín ang mabuti sa isang partikular na sitwasyon.
3. Ikatlong Yugto: Paghatol para sa mabuting pasiya at kilos. ang ikatlong yugto ay oras ng paghatol ng konsensiya, kung saan wari’y sinasabi sa atin, “Ito ay mabuti, ito ang kinakailangan mong gawin,” o kaya naman ay, “Ito ay masama, hindi mo ito nararapat nagawin.” Sa sandaling ito, nahuhusgahan ang kabutihan o kasamaan ng isang kilos. Ang hatol na ibibigay sa atin ang magsisilbing resolusyon sa “krisis” na kinakaharap natin.
4. Ikaapat na Yugto: Pagsusuri ng Sarili / Pagninilay. Sa sandaling ito, binabalikan natin ang ginawang paghatol. Pinagninilayan natin ang ating paghatol upang matuto mula sa ating karanasan. Kung sa pagninilay ay mapatunayan natin na tama ang naging paghatol ng konsensiya, kinukumpirma natin ang ating pagiging sensitibo sa mabuti at masama at higit na pinagtibay ang ating moralidad. Sa kabilang banda, ang negatibong resulta ng maling paghatol ng konsensiya ay indikasyon na itama ito kung maaari pa at matuto rin mula sa maling paghatol

Ang Likas na Batas Moral Bilang Batayan ng Kabutihan at ng Konsensiya

Sa pamamagitan ng batas na ito, may kakayahan siyang kilalanin ang mabuti sa masama. Ngunit may kakayahan din ang tao na gumawa ng mabuti o masama dahil sa kaniyang malayang kilos-loob

Dalawang Prinsipyo ng Batas Moral

1. Una, gawin ang mabuti, iwasan ang masama.
2. Ang mga Pangalawang Prinsipyo ng Likas na Batas Moral
 - a. Kasama ng lahat ng may buhay, may kahiligan ang taong pangalagaanang kaniyang buhay.
 - b. Kasama ng mga hayop (mga nilikhang may buhay at pandama), likas sa tao (nilikhang may kamalayan at kalayaan)
 - c. Bilang rasyonal na nilalang, may likas na kahiligan ang tao na alamin ang katotohanan at mabuhay sa lipunan



Rubrik

Pamantayan	10 puntos	7 puntos	5 puntos
Nilalaman	Mabisang naipakita ang mensahe	Di- gaanong naipakita ang mensahe	May kakulangan ang mensahe
Pagkamalikhain	Napakaganda at malinaw ang pagkasulat ng sanaysay	Maganda at malinaw ang pagkasulat ng sanaysay	Maganda ngunit hindi malinaw ang pagkasulat ng snaysay
Kahalagahan	May malaking kaugnayan ang kasagutan sa paksa	Di-gaanong malaki ang kaugnayan ng kasagutan sa paksa.	Kaunti lang ang kaugnayan ng kasagutan sa paksa.



Sanggunian

Edukasyon sa Pagpapakatao – Baitang 10 Self-Learning Module (SLM) Unang Markahan – Modyul 4: Dignidad. Unang Edisyon, 2020.

SSLM Development Team

Writer: **Helen P. Gabales**

Evaluator: **Mark G. Arriego**

Illustrator: **Helen P. Gabales**

Creative Arts Designer: **Reggie D. Galindez**

Education Program Supervisor- ESP : **Luzviminda R. Lorenzo, Ph.D.**

Education Program Supervisor – Learning Resources: **Sally A. Palomo**

Curriculum Implementation Chief: **Juliet F. Lastimosa**

Asst. Schools Division Superintendent: **Carlos G. Susarno, Ph. D.**

Schools Division Superintendent: **Romelito G. Flores, CESO V**



Susi sa Pagwawasto

Mga Paalala sa Guro:

Ang iba't-ibang gawain ay nangangailangan ng matalino at maayos na pagdedesisyon ng mag-aaral batay sa kanilang sariling kaalaman at natutuhan. Maaring gamitin ng guro ang ibinibigay na rubrik sa pagwawasto o pagmamarka.